IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M05/2/A2PIL/SP1/TGL/TZ0/XX

22052051

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Tuesday 3 May 2005 (morning)
Mardi 3 mai 2005 (matin)
Martes 3 de mayo de 2005 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.
- It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.
- Vous n'êtes pas obligé(e) de répondre directement aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le souhaitez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.
- No es obligatorio responder directamente a las preguntas de orientación que se incluyen, pero puede utilizarlas si lo desea.

*Piliin ang alinman sa Seksyon A o Seksyon B.*

**SEKSYON A**

*Suriin at paghambingin ang sumusunod na dalawang teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 1** (a)

**Luhaang Oyayi**

Maraming paglalakbay ang ganito
Nasa sinapupunan kayo ng ibang lupa
Ngunit umaawit din kayo ng mga oyayi
Awit sa mga sanggol na inyong alaga
O dalit sa matatanda na inyong kalinga
Ina ng mga dayong musmos at ulianin
Na inyong pinatutulog sa himig ng pag-ibig
Sa bawat tudling ng oyayi para sa dayo
Ang inyong awit ay hatid
Ng mahiwagang simoy sa sariling duyan
Inihihimig ng anghel sa sariling supling.

Hindi, hindi ka umalis, babaing Filipina
Binubuhay ka ng himalang banal sa malay
Ng sanggol na iniwan sa kubakob at kubo
Tinangay ng bagwis ng dalita sa dayong lupalop
Ngunit ang kalinga mo sa ibang sanggol
Ay pang-agdong buhay sa sariling anak
Mahiwagang lunday para sa sariling alitaptap
Pambuhay sa lahing minsa'y humahamak.

Huwag, huwag kang luluha sa pangungulila
Ang lahat ng sanggol ay sanggol ng mundo
Lahat ng matanda'y ninuno ng lahat ng tao
Huwag, huwag kang luluha sa iyong pag-iisa
Lalago na ang iyong anak na iniwan
Maririnig niya ang oyaying di mo inaawit
May himala ang mga pagkakalayo ng pag-ibig
Para sa sandali ng banal na pagtatagpo.

Tula ni Inggong Tudyo, *RP Daily Expose* (2002)

**Teksto 1** (b)

**Supling**

Nagkamali ‘ata ako. Habang lumalaki siya, padalas nang padalas na nag-aaway kaming dalawa. Marunong nang sumagot lalo na kapag nasa katwiran siya. Natatawa lang ako pero kailangang ipakita ko pa rin na mali ang pagsagut-sagot niya lalo na sa kanyang mga magulang. Natatawa ako dahil ganung-ganon daw ako nang ako’y kasinggulang niya. Carbon copy ko sa kaugalian.

“Nakakabawi din tayo, Lyn,” pang-aasar ng aking Ama habang inaalo ng aking Ina si Allesandra sapagkat mainit na ang ulo ng batang ito. Kung ano kasi ang ginawa mo sa magulang mo ay siyang gagawin ng anak mo, mas malala pa. Nginingitian ko lang sila. Alam kong mahihirapan ako sa batang ito dahil lagi niyang pinipilit ang kanyang gusto. Saka lamang papasok sa akin na mali nga siguro ang hinayaan ko siyang magdesisyon nang maaga. Ito pala ang resulta. Mahirap pagsabihan. Hindi ko na kasi pinapalo, naaawa ako. Pero lalo namang tumitigas ang ubo. Iirapan niya ako at bigla siyang iiyak. Maya-maya’y kagagalitan niya ako na para bang siya ang aking ina at ako ang kanyang anak. Ako tuloy ang nagmumukhang kontrabida.

Ganito kami palagi ng aking anak, para kaming aso’t pusa, away-bati.

May mga bagay na hindi na namin kailangan pang magsalita. Nagkakaintindihan na kami. Ngingitian ko siya, at gagantihan niya rin ako ng kanyang matamis na ngiti. Ramdam na ramdam ko ang kanyang pagmamahal. Bakit nga kaya ganoon? Isang napakaliit na tao ngunit napakalaki ng kaligayahang naibibigay nito. Ako ang kanyang tagasaklolo, siya ang pag-asa ko.

Marami akong natutunan sa aking anak. Natuto akong maging mapagbigay, mapagmahal sa aking mga magulang na noo’y hindi ko pinapakita sa kanila.

Si Allesandra ang nagturo sa akin tungkol sa pagpapahalaga ng aking buhay.

Sipi sa kuwentong *Supling* ni April Joy L Sipin, bahagi ng tesis sa Batsilyer ng Malikhaing Pagsulat, Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City (2003)

– Paghambingin ang konsepto na ipinakita sa dalawang teksto.

– Talakayin ang pananaw ng konsepto ng pagiging ina ng mga babaing Pilipina.

– Suriin ang wika na ginamit sa dalawang teksto.

## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 2** (a)

### Ulilang Pagbabalik

**(Sa alaala ni Maricris Sioson)**

Paalam, Maricris, sa iyong paglisan,
Hapdi ng sugat mo sa ami'y iniwan;
Bagwis ng pangarap ang iyong sinakyan
At kuko ng lagim ang iyong dinatnan.

Hindi, hindi dapat na ika'y sisihin,
May panaginip ka nang kami'y lisanin;
Bwitre't bampira man ang iyong dadatnin,
Sa bakasakali'y may tuwa kang kamtin.

Sa kuko ng pating, nibol ang pangarap,
Para sa lunggati na maayang bukas;
Ibig mong tubusi'y pamilya sa hirap,
Ibig mong sa dahop sila'y maiangat.

Ngunit tinamo mo'y dustang kamatayan,
Habang ulila ka sa sariling bayan;
Ang pagkatao mo'y inaba't hinalay,
At pagkalahi mo'y dinahas, pinatay.

Bahagi ng tula ni Eman David mula sa *Putong: Mga Tula ng Pag-ibig, Puri at Pagdamay*,
Likhaan Lahi (2001)

**Teksto 2** (b)

**Pangangalakal ng Lakas**

Napakahalaga sa yugtong ito ng kasaysayan ng Pilipinas na harapin na ang parang walang katapusang pagkakalakal ng Pilipinas sa lakas, talino at punyagi ng sambayanang Pilipino.

Wari, ang patakaran ng gobyerno at pagtatadhana sa lahi para maging mga manggagawa sa iba't ibang panig ng mundo ay isang tradisyon nang tinatanggap ng mga Pilipino.

Ang totoo, parang isang pambansang ritwal na ang ating mga manggagawang migrante ay binabansagan ng ating gobyerno, ng media at ng buong sosyedad na mga bagong bayani ng sambayanan, isang uri ng bagong tagapagligtas.

Na totoo naman. Ang ating mga kontratadong manggagawa ang siyang salbabida ng ating ekonomiya na inuunos sa dagat ng buhay. Bilyon-bilyong salapi ang kanilang iniaalay sa ating naghihingalong ekonomiya at kahit paano'y sumasagip sa lahi sa pagkalunod. Tunay nga silang bayani.

Kaya nga lamang, habang sila'y bayani ng ating kabuhayang pambansa sila'y mga bayaning duguan at tigib ng luha at dusa. Sila'y mga bayani ng trahedya, ang kanilang buhay at pamilya ay nagiging mata ng unos ng mga iba't ibang klase ng kamatayan.

Kaawa-awa ang lahi na ang lakas at bukas ay lagi't laging isusulong ng mga trahedya ng kanyang mga mamamayan. Walang puso at halos berdugo ang kanyang gobyerno kung hindi gagawa ng paraan para maputol ang mga sosyal na trahedyang ito.

Ang ibang lahi, ang mga Hapones, ang mga Tsino, ang mga Europeo at ang mga Amerikano ay hinahango ang katuparan ng pangarap sa kanilang mga lupain.

Bakit iba ang tadhana wari ng mga Pilipino? Ito ay isang bugtong na nasa ating palad ang sagot.

Editoryal, *Tanod Newspaper*, 22 Marso 2004

– Ano ang epekto ng istruktura ng bawat teksto sa bumabasa?

– Paano ipinakikita ang konsepto ng paglilingkod sa mga dayong lupain ng dalawang teksto?

– Paghambingin at pag-ibahin ang pananaw-mundo ng mga manunulat sa karanasan ng sangkatauhan.